Tulungan Ang Isang Taong Makatipid Ng Humigit-kumulang sa $4,000 Sa Gastusin Sa De-Resetang Gamot

2011

Mayroon ka bang kakilalang nangangailangan ng tulong sa gastusin sa reseta?

Ngayon, makakatulong ka na sa iyong mga minamahal na makapag-apply para sa Karagdagang Tulong sa kanilang gastusin sa Medicare na de-resetang gamot. Sinumang may Medicare ay makakakuha ng pagsakop ng Medicare sa de-resetang gamot. Karapat-dapat din sa Karagdagang Tulong ang ilang tao na may mga limitadong ari-arian o kita para sa mga gastusin nila—mga buwanang premium, taunang deductible, at co-payment ng reseta—na may kinalaman sa isang plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Ang Karagdagang Tulong ay tinatayang nagkakahalagang humigit-kumulang $4,000 kada taon. Maraming tao na karapat-dapat para sa malaking katipirang ito ay hindi man lang nalalaman ito. Upang malaman kung karapat-dapat ang isang tao, kailangan malaman ng Social Security ang halaga ng kanilang ipon, mga investment, lupain (maliban sa kanilang tahanan), at kanilang kita. Kung sila ay may-asawa at magkasamang naninirahan, kakailanganin namin ang impormasyong ito mula sa kanilang dalawa.

Upang maging kwalipikado sa Karagdagang Tulong, kailangan sila ay:

- Nakatira sa isa sa 50ng mga estado o sa Disctrict of Columbia;
- May ari-arian na limitado sa $12,640 para sa isang tao o $25.260 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan. Kabilang sa ari-arian ang mga bagay gaya ng mga account sa bangko, stocks, at bonds. **Hindi** namin binibilang na ari-arian ang kanilang tahanan, saksakyan, at anumang policy ng life insurance; **at**
- May kita na limitado sa $16,335 para sa isang tao o $22,065 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan. Kahit na ang kanilang taunang kita ay mas malaki, baka maaari pa ring makakuha ng kaunting tulong sa buwanang premium, taunang deductible at mga co-payment sa reseta ang iyong mga minamahal. Ang ilang mga halimbawa kung saan ang kita ay maaaring mas mataas ay kung sila o ang kanilang asawa ay:
  - — Nagbibigay-suporta sa ibang mga kapamilya na nakatira kasama nila;
  - — May mga kita mula sa trabaho; o
  - — Nakatira sa Alaska o Hawaii.

Panimula

Upang matulungan ang mga benepisyaryo ng Medicare na mag-apply para sa Karagdagang Tulong, may worksheet sa kabilang pahina. Ang worksheet ay **hindi** application, ngunit padadaliin ng pagsulat ng impormasyon na hinihiling nito ang pagkumpleto ng application para sa Karagdagang Tulong.

Tanungin kung sinumang tinutulungan ninyo na:

- Tukuyin ang mga bagay na kanilang sariling pag-aari, kasama ang kanilang asawa, o kasama ang ibang tao. Hindi dapat nila isama ang kanilang tahanan, mga sasakyan, libingan, policy ng life insurance, o personal na kaarian.
- I-review ang lahat ng kanilang kita.
- Pagsama-samahin ang kanilang mga talaan nang maaga upang makatipid sa oras.

Mga dokumento na makakatulong sa iyo na maghanda nang nauuna para sa iyong tinutulungan

- Mga statement na nagpapakita ng iyong balanse sa account sa mga bangko, mga credit union o ibang mga institusyon ng pananalapi;
- Mga statement ukol sa investment (pamumuhunan);
- Mga sertipiko ng stock;
- Mga tax return;
- Mga sulat tungkol sa paggawad ng pensiyon; at
- Mga payroll slip.

Maaaring makatulong ang mga ahensiya ng State sa gastusin sa Medicare

Kapag nag-apply sa Karagdagang Tulong ang mga benipisaryo ng Medicare, maari din nilang umpisahan ang paraang pag-apply sa mga Medicare Savings Program—mga program ng estado na nagbibigay ng tulong para sa iba pang gastusin sa Medicare. Ipadadala ng Social Security ang impormasyon ng benipisaryo sa kanilang estado maliban sa sabihin nila sa amin na huwag, sa application ng Karagdagang Tulong. Kokontakin ng estado ang benipisaryo upang tulungan silang mag-apply sa isang Medicare Savings Program.

Papaanong mag-file para sa Karagdagang Tulong o kumuha ng karadagang impormasyon

Maari kang makatulong sa iba na mag-apply online para sa Karagdagang Tulong sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp***. Upang tulungan silang mag-apply sa pamamagitan ng telepono o upang makakuha ng application, tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) at humingi ng *Application for Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* (Form SSA-1020). Ang mga kinatawan ng Social Security ay handang tumulong na kompletuhin ang application. Maari din niyong bisitahin ang tanggapan ng Social Security sa inyong lugar para sa pagtulong.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Karagdagang Tulong sa gastusin sa plano ng Medicare sa de-resetang gamot, bisitahin ang ***www.socialsecurity.gov/extrahelp*** o tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**).

Para matutuhan ang karagdagang tungkol sa mga Medicare Savings Programs, plano ng Medicare sa de-resetang gamot, kung papaanong mag-enroll sa isang plano, o para humiling ng kopya ng handbook na *Medicare & You*, bisitahin ang ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**). Pagtumawag ka, maari kang humiling ng impormasyon kung papaano ma-contact ang State Health Insurance Assistance Program (SHIP) ng benipisaryo ng Medicare. Makatutulong ang SHIP sa benipisaryo sa kanilang mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Maari din niyong mahanap sa handbook ng Medicare ng benipisaryo ang impormasyong pang-contact sa SHIP sa inyong lugar o kunin ang impormasyon nang online sa ***www.medicare.gov/contacts/organization-search-criteria.aspx***.

Kailangan namin ang kanilang impormasyon (at ng kanilang asawa, kung may asawa sila at magkasamang naninirahan) tungkol sa kita at mga pag-aari at kita:

Mga Pag-aari	Halaga
Mga account sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga sertipiko ng deposit	$ _____
Stocks, bonds, savings bonds, mutual funds, mga indibiduwal na account ng pagreretiro (mga IRA) o ibang mga investment (pamumuhunan)	$ _____
Pera sa tahanan o kahit saang lugar	$ _____
Anumang real estate maliban sa iyong tirahan	$ _____

Kita	Buwanang Halaga
Mga benepisyo sa Social Security	$ _____
Mga benepisyo sa Railroad Retirement	$ _____
Veterans benefits	$ _____
Iba pang mga pensiyon o annuities	$ _____
Alimony	$ _____
Netong kita sa pagpapa-upa	$ _____
Worker's compensation	$ _____
Iba pang kita (mga pribado o state disability payment)	$ _____

Kita	Taunang Halaga
Mga Sahod	$ _____
Netong kita mula sa sariling pag-empleyo	$ _____

Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10505TL
January 2011
WEB ONLY